# *IGNACIO DASIGAN*

Si Ignacio V. Dasigan ay isang pampublikong guro sa mataas na paaralan ng Leandro I. Verceles Sr. sa dibisyon ng Catanduanes. Ipinanganak siya noong Oktubre 21, 1994 sa Pandan, Catanduanes. Consistent honor student siya mula elementarya hanggang sekundarya, at nagtapos ng kursong Bachelor of Secondary Education Major in English sa Catanduanes State University noong 2016. Dalawang taon siyang nagturo sa pribadong paaralan ng Immaculate Conception Seminary Academy Virac Inc. nang makapagtapos sa kolehiyo bago pumasok sa pampublikong paaralan. Sa ngayon, siya ang School Paper Adviser (English) ng kanilang paaralan.

# KUWENTONG KALABAW

Sumilip saglit si Aling Bebang sa bintana. Nang matanaw na may nag-uumpukan sa may gripo sa kanto, mabilis niyang kinuha ang limang pares ng damit sa nangangamoy basahan na gabundok na labada. Binilinan niya ang dalagitang anak na hugasan ang kanilang pinagkainan. Agad siyang lumabas ng bahay bitbit ang palanggana ng lalabhang damit, diretso sa gripo kung saan nag-uumpukan ang tatlong babae habang naglalaba.

"Oy! Bebang, nahuli ka ata?" tanong ni Aling Rosa, ang babaeng may asawa pero walang anak.

"Oo. Nagluto pa kasi ako ng almusal," tugon ni Aling Bebang.

Maya-maya pa'y dumaan si Mang Jose, ang lalaking iniwan ng asawa. Hila-hila niya ang patpating kalabaw upang pakawalan sa sapa sa dulo ng baryo. Itong kalabaw pa man din ang iniregalo sa kasal nila ng kaniyang asawang tatlong taon nang nangibang-bahay.

"Kawawa naman ang lalaking 'yan. Palibhasa kasi makati ang asawa kaya ayan, nilayasan, bitbit lahat ng pinaghirapan ng lalaki. Buti na lang iniwan ang kalabaw," komento ni Aling Koring, ang pinakamatanda sa apat na nasa may gripo, nang makaraan ang nangungulilang si Mang Jose.

"Ganyan na talaga ang panahon ngayon. 'Yong anak nga ni Manang Soleng, cum laude kono sa kolehiyo pero nakipagkabet sa may asawang porener. Ewan ko ba!" dagdag pa ni Aling Belen, isang babaeng may anak pero walang asawa.

"Naku! Iyang si Jose, amoy-kalabaw na iyan kaya iniwan ng asawa!" kantyaw ni Aling Rosa.

Nagtawanan sila.

"Kaya iyang asawa ko, pinagsasabihan ko talaga! Huwag siyang gagawa ng kalokohan kundi ay titigukin ko ang kanyang manok!" wika ni Aling Bebang na hinahayaang umaapaw ang tubig sa kanyang palanggana.

Tuyo na ang kalabaw ni Mang Jose na naligo sa sapa subalit basa pa rin ang paligid ng gripo kung saan nagkukuwentuhan ang kababaihan. Maraming kalabaw ang binigyang-kuwento, maraming tao ang naitampok, marami ring pangyayari ang ipinangyari.

"Tutong! Naku! Tutong na naman ang sinaing ng anak mo Rosa!" sigaw ni Aling Belen.

Tumayo na si Aling Rosa at tiyak sisigawan na naman ang anak. Sumunod na umalis si Aling Koring at magkasabay naman sina Aling Bebang at Aling Belen.

Nagsara ang gripo at unti-unting natuyo ang paligid nito habang muling naligo ang kalabaw. Bukas, bubula na naman ang mga kuwento sa palanggana sa paligid ng gripo, at muli, bibida ang kalabaw.